Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-2 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison................ | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 012-T'98

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET NG BARANGAY LABUIN NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNARAAN APATNAPU'T ISANG LIBO TATLONDAAN APATNAPU'T SIYAM NA PISO AT WALUMPU'T SIYAM NA SENTIMOS (P641,349.89) PARA SA TAONG ITO.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay sa sangguniang ito ang taunang badyet ng Barangay Labuin na nagkakahalaga ng P641,349.89 at ito ay naaayon at sumusunod sa mga patakaran ng pagbabadyet ng mga barangay;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos ay ipinasya ng Lupon sa Pananalapi, na irekomendang pagtibayin ito.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sang. Brgy. Labuin.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Celestino D. Pamatmat at sa buong pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Taunang Badyet ng Brgy. Labuin na nagkakahalaga ng P641,349.89 para sa taong ito.

**INIUUTOS**Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Ingat-Yaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan